Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-07 NG DISYEMBRE, 2021 SA GANAP NA IKA-09:55 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Nanunuparang Pangalawang Punumbayan/ Nanunuparang Tagapangulo |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 80 T. 2021**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG PAGSASAKA (DEPARTMENT OF AGRICULTURE) REGION VI-A SA PAMAMAGITAN NI DIRECTOR VILMA M. DIMACULANGAN, REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR, NG LIMANDAANG (500) SAKO NG VERMICAST ORGANIC FERTILIZER NA IPAMAMAHAGI SA MGA ORGANIC FARMERS SA BAYAN NG LUMBAN**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**
**Tagapangulo ng Lupon ng Pagsasaka**

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON, bilang pagtugon sa mga itinadhana ng RA 10068 na kilala na "Philippines Organic Agriculture Act of 2010" ay naglunsad at pinagyaman ang Organic Agriculture (OA) na isinusulong ang *ecologically sound, socially acceptable, economically viable and technically feasible production of food and fibers to dramatically reduce external inputs by refraining from the use of chemical fertilizers, pesticides and pharmaceuticals,* na naglalayong pataasin ang kita sa sakahan sa pagkakaroon ng sustinableng kabuhayan, pabutihin ang kalusugan ng mga mamamayan, protektahan ang kalikasan, isulong ang Disaster Risk Reduction and Resilience to Climate Change, at pairalin ang katarungang pangmadla sa pamamagitan ng pagtataas sa karapatang pantao, gender equality, labor standards at ang karapatan sa sariling pagpapasiya;

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pagsasaka ay nangunguna sa implementasyon ng National Organic Agriculture Program na pinasimulan ng National Organic Agriculture Board (NOAB) sa pamamagitan at kooperasyon ng mga stakeholders ng mga organic industry, mga kaugnay na pambansang ahensiya ng pamahalaan, mga non-government organizations, civil society at mga people's organizations. Ang naturang programa ay nagsisilbing gabay sa implementasyon ng aktibidad kaugnay sa Organic Agriculture sa ilalim ng Kagawaran at ng mga sangay-tagapagpatupad. Ang DA kasama ang NOAP ay itinuturing ang sector ng organikong pagsasaka na pangunahing mag-aambag sa pambansang paglago sa agrikultura sa usapin ng food sustainability, competitiveness at food security na kung saan ay limang porsiyento (5%) ng Philippine agricultural land practice organic farming ay sumusuporta sa Philippine organic food products;

**SAPAGKAT**, sapagkat ang Bayan ng Lumban bilang isa sa mga itinuturing na agricultural municipalities sa Region IV-A na ang malaking bahagdan ng produkto ay

nagmumula sa pagsasaka ay nangangailangan ng lalong pagyayaman sa pamamagitan ng mga epektibong pamamaraan sa pagpapataas ng ani gaya ng organikong pagsasaka at paggamit ng mga organikong mga pataba;

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pagsasaka ay ang pangunahing kabalikat ng mga magsasakang Lumbeño sa pagpapaunlad ng sakahan sa Lumban kung kaya't sa pakikiisa ng lokal na pamahalaan ay magalang na nagpapabot ng kahilingan na maayudahan ang mga magsasaka lalo't higit ang mga magsasaka na naglilinang sa organikong pamamaraan;

**SAPAGKAT**, ang layunin na makapamahagi ng libreng organikong pataba, gaya ng vermicast organic fertilizer sa mga magsasaka ay magkakaroon ng katuparan sa pamamagitan ng pakikipagbalikatan ng Kagawaran sa tulong ng Executive Regional Director ng Department of Agriculture Region IV-A na si Director Vilma M. Dimaculangan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan nina Kgg. Geronimo P. Samonte Jr., Kgg. Orlando R. de Luna, Kgg. Edgardo B. Gonzales at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, na gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan na mapitagang humihiling sa Kagawaran ng Pagsasaka (Department of Agriculture) Region IV-A sa pamamagitan ni Director Vilma M. Dimaculangan, Regional Executive Director, ng limandaang (500) sako ng Vermicast Organic Fertilizer na ipamamahagi sa mga organic farmers sa Bayan ng Lumban;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON na pinamumunuan ni Director Vilma M. Dimaculangan at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-07 ng Disyembre, 2021.

**PINATUTUNAYAN KO**, ang katumpakan at kawastuan ng kapasyisahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**RHODA DM. RABIE**
*Nanunuparang Tagapangulo/*
*Nanunuparang Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**BELEN B. RAGA**
*Nanunuparang Punumbayan*

*Xcerpt120721res80*